

Apat na Mungkahi 2014

Apat na Mungkahi para sa “paghahanap ng nakikitang pakikipag-isa sa lahat ng mga nagmamahal kay Kristo”

Pinalawig ni Kristo ang kanyang pakikipagkaibigan sa tanan, nang walang tinatanggihang sinuman. Ang mga nagmamahal kay Kristo sa buong daigdig ay bumubuo, sa kanyang mga yapak, ng isang malaking sambayanan ng pakikipagkaibigan. Ito ay tinatawag na pakikipag-isa. Para sa dahilang ito, mayroon silang magagawang ambag sa paghihilom ng mga sugat ng sangkatauhan: nang walang pagnanasang igiit ang kanilang mga sarili, maitataguyod nila ang isang globalisasyon ng pakikiisa na walang hinihiwalay na bayan at ni isang tao. Paano makalalahok dito ang bawat tao?

Unang Mungkahi

Sumali sa isang lokal na komunidad na nananalangin

Mag-iibigan kayo; kung kayo’y mag-iibigan, makikilala ng lahat na kayo’y mga alagad ko.
(Juan 13:34-35)

Sa ilang mga okasyon, tulad ng mga pandaigdigang pagpupulong, ang sambayanang ito ng pagkakaibigan ay nagiging lantad. Subalit ang mga pangyayaring ito ay paminsan-minsan. Sa bawat lugar, ang isang kapisaso nitong malaking sambayanan ay matatagpuan, kahit na ba napakasalat. Ang pananampalataya ay hindi maaaring isabuhay sa sarili lamang natin. Isinisilang ang pananampalataya kapag may karanasan ng pakikipag-isa, kapag natutuklasan natin na si Kristo ang bukal ng isang walang hangganang pagkakaisa.

Kung ang mga lokal na sambayanan (tinatawag ding mga parokya), mga pangkat at mga kapilya ay lalong nagiging mga lugar ng pagkakaibigan! Mga lugar na mainit ang pagtanggap kung saan inaalalayan natin ang bawat isa, kung saan maasikaso tayo sa mga mahihina, sa mga dayuhan, sa mga taong hindi nakikibahagi sa ating mga kaisipan...

- Isang mungkahi para sa tanan: ang pagdalo kaya sa pagsisimba tuwing Linggo, o iba pa mang gawain, kahit kasama ang mga taong hindi mo pinili, ay makatulong sa iyo upang magkaroon ng karanasan ng pakikipag-isa?
- Isang mungkahi para sa mga lokal na pinunong pastoral: makinig sa mga kabataan; aninawin at tanggapin ang anumang madadala nila sa lokal na sambayanan; ipabatid ito sa mga nakatatanda.

Ikalawang Mungkahi

Palawigin ang pakikipagkaibigan lampas sa mga hangganang lumilimita sa atin

Nang gawin ninyo ito sa isa sa mga alagad ko, siya man ang pinakahamak, ako ang inyong tinulungan.
(Mateo 25:40)

Nakikinig si Jesus sa lahat ng nakikilala niya, lalo na ang mga dukha, mga bata, yaong mga tila ba'y hindi mahalaga. Nang sumusunod sa kanya, kaya nating tawirin ang mga hangganan upang samahan ang mga nangangailangan. Maaari tayong magsagawa ng mga gawain ng pakikiisa, kasama ang mga Kristiyano ng magkakaibang pag-anib, at kasama maging ang mga taong hindi nakikibahagi sa ating pananampalataya.

Materyal man o espirituwal ang kakulangan, ipinapahiwatig ng pakikiisa ang magkabilaang bahaginan: sa pagbibigay ng tulong, tayo ang madalas na tumatanggap.

- Isang mungkahi para sa tanan: bakit hindi natin piliin, sa loob ng isang taon, ang isang kalagayan sa kapitbahayan at taumbayan kung saan may maiaalok na piling ng pagkakaibigan, may maipamamalas na pakikiisa: sa mga isinantabi, mga dukha, mga maysakit, yaong mga nagdurusa mula sa kapansanan, mga batang walang mag-ampon, mga dayo, mga walang hanapbuhay...?
- Isang mungkahi para sa mga lokal na pinunong pastoral: tulungan ang mga kabataan na makakita ng mga kalagayan kung saan ang pakikiisa ay kinakailangan at mapangyayari.

Ikatlong Mungkahi

Makibahagi at manalangin nang regular kasama ang iba

Sapagkat saanman may dalawa o tatlong nagkakatiyon sa pangalan ko, naroon akong kasama nila.
(Mateo 18:20)

Para sa ilang mga kabataan, ang masasakit na pagsubok, pang-iiwan, pag-iisa, o ang matalas na kamalayan tungkol sa kawalan ng katarungan sa mundo ay maaaring gawing halos imposible ang magkaroon ng pananalig sa Diyos. Ang paniniwala ay laging isang pakikipagsapalaran--ang pakikipagsapalaran ng pagtitiwala.

Kanino ako maaaring makilakbay at makinilay tungkol sa aking pananampalataya?

- Isang mungkahi para sa tanan: sa halip na manatiling mag-isa kasama ang sariling mga tanong, maghanap ng ilang taong mababahaginan, isang beses isang linggo o isang beses isang buwan. Sama-samang magbasa ng isang pahina mula sa Mabuting Balita o iba pang pagbasa. Sama-samang manalangin nang may mga awit, isang pagbasa mula sa Bibliya, isang mahabang panahon ng katahimikan.

- Isang mungkahi para sa mga lokal na pinunong pastoral: manghikayat at alalayan itong mga munting pangkat ng bahaginan at panalangin; tulungan silang manatiling bukas at malugod na tumatanggap sa iba.

Ika-apat na Mungkahi

Gawing mas lantad ang pakikipag-isang nasa lahat ng mga nagmamahal kay Kristo

Kayo ngang lahat ang iisang katawan ni Kristo. (1 Taga-Corinto 12:27)

Sa ating bayan, sa ating lungsod at sa ating rehiyon, may mga tao na nagmamahal din kay Kristo, subalit sa ibang pamamaraan kumpara sa atin. Ang pagtawag sa ating sarili ng “Kristiyano” ay nangangahulugang pagdadala sa pangalan ni Kristo. Tinatanggap natin ang ating pagkakakilanlan bilang mga Kristiyano sa pamamagitan ng binyag, na nagbubuklod sa atin kay Kristo. Sikapin nating bigyan ng mas matingkad na pagtanaw ang pang-lahatang pagkakakilanlang ito, sa halip na pagbibigay-diin sa ating mga pagkakakilanlang denominasyonal.

Kapag lumilitaw na ang mga kaibahan ay magkakasalungat, hindi ito dahilan upang maghiwa-hiwalay. Sa kanyang buhay, nilampasan ni Kristo ang mga hangganan at, sa krus, kanyang iniunat ang kanyang mga bisig mula sa isang panig papunta sa kabila, sa pagitan niyaong mga nagkakahati-hati. Kung nais ng mga Kristiyano na sumunod kay Kristo at hayaang magingning ang liwanag ng Diyos sa daigdig, hindi sila maaaring manatiling watak-watak. Ang Espiritu Santo ang siyang nakapagpapa-isa sa atin.

- Isang mungkahi para sa tanan: Bakit hindi natin puntahan yaong mga kaiba, yaong ibang pangkat, yaong ibang parokya, yaong ibang kilusan, yaong ibang denominasyon, ang isang sambayanang Kristiyano ng mga migrante...? Maaari tayong magsagawa ng mga pagdalaw, hayaang ang iba ang tumanggap sa atin, anyayahan sila. Maaari tayong sama-samang bumaling kay Kristo sa isang payak na panalangin, ilagay ang ating mga sarili “sa ilalim ng iisang bubong” nang hindi hinihintay na ang lahat ay ganap na magtugma, at sa ganitong paraan makapamumuhay tayo sa pananabik para sa ganap na pakikipag-isa.
- Isang mungkahi para sa mga lokal na pinunong pastoral: sa gawaing pastoral, gawin nang kasama ang mga Kristiyano ng ibang denominasyon ang lahat ng maaaring gawin nang sama-sama; huwag gumawa ng kahit ano nang hindi iniisip ang iba.